



PhilHealth SHInES para sa mga lokal na Pamahalaan, ginanap sa Region XII

By: Hanap G. Naanep, Public Affairs Unit, PRO XII

Upang matugunan ang mga katanungan ng mga partner provider sa mga probinsiya ng North at South Cotabato kaugnay sa pagpapatupad ng PhilHealth Konsulta o Konsultasyong Sulit at Tama, dalawang Social Health Insurance Education Series o SHInES ang isinagawa ng PhilHealth XII sa mga lungsod ng Koronadal, South Cotabato at Kidapawan, North Cotabato kamakailan.

Binigyang-diin ni Dr. Vincent Ende, City Health Officer ng lungsod ng Koronadal, ang kahalagahan ng pagpupulong ng Municipal Health Officers (MHOs) ng South Cotabato upang matugunan ang mga katanungan tungkol sa pondong malilikom mula sa PhilHealth Konsulta.



Layon na maging pilot area ang South Cotabato para sa Primary Care Provider Network kung kaya't mahalagang palawakin ang pang-unawa ng MHOs sa programang ito.

Inaasahang isang pagpupulong para sa mga MHO ng South Cotabato ang gaganapin upang maiparating sa kanila ang tungkol sa bagong polisiya matapos ang kanilang pagdalo sa orientation na isasagawa ng PhilHealth Office.



Ayon naman kay Dr. Georgina R. Sorilla, Municipal Health Officer ng RHU Makilala, *"Nakakatuwang isipin na sa kabila ng dati na nating ginagawa ay maaari na tayong makatanggap ng karagdagan pondo mula sa National Health Insurance Program. Sa dating primary care benefit package ng PhilHealth, ang aming RHU ay nakabili ng van at ambulance. Malamang, mas malaki ang maibabalik nito ngayong expanded na ang programa at mas marami nang pondo ang kikitain ng aming RHU upang mas lalong mapaganda pa ang aming serbisyo sa mga tao."*



Ang point person ng RHU Carmen na si Sarah M. Pantao ay nagbahagi rin tungkol sa magandang naidulot ng dating programa sa kanila. Dahil sa dating primary care program aniya ay nakabili rin sila ng ambulansya at nadagdagan ang pondo para sa mga gamot at serbisyo sa laboratoryo para sa kanilang RHU. Sila ay umaasang mas malaking pondo pa matatanggap mula naman sa PhilHealth Konsulta.

Dahil sa mga narinig, ang iba pang mga kalahok ay nagalak ding magbigay ng kanilang commitment na isulong ang pagpapatupad ng programa upang makapagbigay ng mas magandang serbisyo para sa kanilang mga kababayan.

Bukod sa South at North Cotabato, nakatakdang magsagawa rin ng SHInES sa Gen. Santos City at Isulan, Sultan Kudarat bago magtapos ang taong 2022. ###

Sa kabilang dako, naging matagumpay rin ang ginanap na SHInES para naman sa mga MHOs and Local Chief Executives (LCEs) sa North Cotabato.

"Sisikapin po naming pagtuunan ang pagpapatupad nito sa aming bayan sa kadahilanang ito ay sumasang-ayon sa pagpapatupad ng Universal Health Care program," ani Dr. Herman Uson ng RHU Libungan.